**Ang ika-22 na LIHAM NG OBISPO UKOL SA GAWAING PAG-IINGAT UPANG MAPIGILAN ANG IMPEKSIYON NG COVID 19**

Ang kagalang-galang Mario Yamanouchi, Obispo ng Saitama
Pebrero 24, 2022

Datapwa't ang Pangunahing mga Hakbang (Quasi State of Emergency Measures) para Mapigilan ang Impeksiyon ng Covid 19 ay hindi pa tinanggal hanggang Marso 6, pagkatapos ng maingat na mga konsiderasyon sa kasalukuyang situwasyon, tayo sa, Diyosesis ng Saitama, ay napagkasunduan ang mga sumusunod:

**Ang mga misa sa Linggo na kasama ang kongregasyon ay pinayagang idaos mula sa Linggo, Marso 6 (Unang Linggo ng Kuwaresma).**

**Kung sakaling mayroong kahirapan na ibalik ang mga misa sa Linggo sa Marso 6, dahil sa mga pangyayari sa parokya, maaring ipaalam sa amin.**

**Sa pagpapatuloy, ang mga mananampalataya sa Diyosesis ng Saitama ay pinapatawad sa kanilang obligasyon na dumalo sa mga misa sa Linggo.**

Tungkol sa misa sa Miyerkoles ng Abo, pinapayagan kayo na magdaos kasama ang kongregasyon at maingat na iwasan ang pagsikip ng mga tao.

Tinanong namin ang bawat Kura paroko na isaalang-alang ang pagbibigay ng abo sa may gustong tumanggap sa labas ng Miyerkoles ng Abo. Para sa mga detalye, maari ninyong tanungin ang inyong Kura paroko.

Maraming salamat sa inyong pang-unawa at masugid na kooperasyon.